

Pagsusuring Semantika Sa Teksto: Paghubog Ng Kritikal Na Literasi Sa Pananaliksik Sa Filipino

John Jeff M. Macayan¹, Demetrio B. Bautista, PhD¹
jennybabes.luzaran010@gmail.com / 0009-0008-4262-9065

1 – Golden Gate Colleges

Publication Date: July 15, 2026

DOI: 10.5281/zenodo.21376565

Abstract

Ang pananaliksik ay isang masusi at teknikal na gawain. Upang maisakatuparan nang sistematisiko at may kalidad, kailangan nito ng matamang paghahanda. Kaugnay nito, isinagawa ang pananaliksik na ito na naglalayong matukoy ang antas ng kritikal na literasi ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng Pinagkawitan Integrated National High School bilang paghahanda sa pananaliksik. Gumamit ang mananaliksik ng kwantitatibong metodolohiya at deskriptibong disenyo upang matasa ang kakayahan ng 40 mga mag-aaral pagdatng sa paglalapat ng pagsusuring semantika sa mga akademikong teksto. Kinalap ang mga datos gamit ang isang balidong talatanungan.

Sang-ayon sa resulta, natukoy na mataas ang antas ng literal na pagpapakahulugan ng mga mag-aaral (weighted mean: 2.75). Gayunpaman, hamon sa kanila ang pag-unawa sa mga teknikal na salita (weighted mean: 2.45) at pagtukoy sa tiyak na gamit ng salita sa loob ng talata (weighted mean: 2.38). Natasa din na pinakaepektibong salik sa pagsusuring semantika ang debate (weighted mean: 3.38). Pangunahing suliranin naman ng mga mag-aaral ang kalituhan sa pagitan ng literal at konotatibong kahulugan (weighted mean: 3.35).

Bilang kongklusyon, ang pagsusuringsemantika ay isang epektibong hakbang para sa isang mahusay at komprehensibongpananaliksik. Iminungkahi ang paglalapat ng mga semantikang gawain upang mapaunlad ang kritikal na literasi ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa gawaing pananaliksik.

Mga Susing Termino: kritikal na literasi , pagsusuring semantika , pananaliksik , estratehiyang pansemantika , Senior High School

Introduksyon

Ang pananaliksik ay mahalagang instrumento sa pag-unlad ng lipunan sapagkat ito ang nagbubukas ng mga bagong kaalaman, teknolohiya, at solusyon sa iba't ibang suliranin. Sa pamamagitan nito, napapabilis ang modernisasyon sa larangan ng edukasyon, trabaho, pamahalaan, at iba pang aspeto ng pamumuhay. Gayunpaman, malaking hamon ang paghubog ng mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa pananaliksik, lalo na sa kritikal na literasiya. Ipinakita ng mga pag-aaral na bagama't mataas ang antas ng kakayahang bumasa at sumulat ng mga Pilipino, marami pa rin ang nahihirapan sa pag-unawa at pagsusuri ng teksto. Dahil dito, binibigyang-diin sa pag-aaral ang pagpapaunlad ng kritikal na literasiya bilang paghahanda ng mga mag-aaral sa masusing gawaing pananaliksik.

Mahalaga ang semantikang pagsusuri sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang literal at kontekstuwal na kahulugan ng mga salita at pahayag. Ayon sa iba't ibang pag-aaral, maraming mag-aaral ang hrap sa pagbibigay ng wastong interpretasyon sa mga teknikal at akademikong termino. Kadalasan, umaasa lamang sila sa diksyunaryo at hindi napapansin ang mga pahiwatig na nakapaloob sa teksto. Ang kahinaang ito ay nagiging hadlang upang lubos nilang maunawaan ang argumento, datos, at mensaheng nais iparating ng may-akda. Sa pamamagitan ng semantikal na pagsusuri, mas nagiging malinaw ang daloy ng impormasyon at napapalalim ang pag-unawa sa mga akademikong teksto.

Ipinakita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang semantikal na pagsusuri ay may malaking ambag sa pagpapaunlad ng kritikal na literasiya at kahandaan sa pananaliksik. Natutulungan nito ang mga mag-aaral na maging mapanuri sa mga argumento, matukoy ang bias ng may-akda, at masuri ang kredibilidad ng mga datos at ebidensya. Dahil dito, mas nagiging organisado at lohikal ang kanilang pagsulat ng akademikong papel. Ang kakayahang ito ay nagiging daan upang maiwasan ang mababaw na interpretasyon at mapataas ang kalidad ng kanilang pananaliksik. Bukod dito, nahuhubog din ang kanilang kakayahang bumuo ng sariling pananaw at makabuluhang konklusyon batay sa masusing pagsusuri.

Upang higit na mapaunlad ang kasanayang ito, iminungkahi ng iba't ibang mananaliksik ang paggamit ng mga estratehiyang tulad ng Semantic Mapping, Collaborative Strategic Reading, Contextual Clue Analysis, at Think-Aloud Protocols. Ang mga paraang ito ay nakatutulong upang maging mas interaktibo at makabuluhan ang pag-aaral ng semantika at kritikal na literasiya. Sa ilalim ng MATATAG at Strengthened Curriculum, higit na binibigyang-pansin ang pagpapaunlad ng pundasyunal na kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan ng sistematikong semantikal na pagsusuri, magiging mas handa ang mga mag-aaral sa gawaing pananaliksik at sa pagharap sa mga hamon ng makabagong lipunan. Inaasahang ang paghubog ng mapanuring mambabasa ay magreresulta sa pagbuo ng mga mananaliksik na may mataas na antas ng kaalaman, lohika, at kritikal na pag-iisip.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang bisa ng pagsusuring semantika sa teksto bilang paghubog sa kritikal na literasi sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa Baitang 11 taong panuruan 2025-2026. Kaugnay nito, ninanais ng mananaliksik na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano angantas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuring semantika sa tekstong pang-akademiko batay sa:
 - 1.1 pagbibigay ng literal na kahulugan ng salita,
 - 1.2 pagbibigay ng kontekstuwal na kahulugan ng salita,at
 - 1.3 ugnayan ng mga salita o parirala?
2. Ano ang epekto ng paglalapat ng semantikang pagsusuri sa paghubog ng kritikal na literasiya ng mga mag-aaral ayon sa:
 - 2.1 konsepto ,
 - 2.2 argumento ng may akda, at
 - 2.3 datos na inilahad ng may-akda?
3. Ano ang mga salik na kinakailangan para sa semantikang pagsusuri sa teksto para sa mga mag-aaral sa pananaliksik batay sa:
 - 3.1. nilalaman,
 - 3.2. gawaing pangklase, at
 - 3.3. kritikal na pag-unawa?
4. Anong mga hamon ang nararanasan ng mga mag-aaral sa paglalapat ng semantikang pagsusuri sa paghubog ng kritikal na literasi sa pananaliksik?
5. Anong mga mabisang estratehiya sa paghubog semantika ang maaaring mabuo?

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng epekto ng paglalapat ng pagsusuring semantikal sa teksto bilang paraan ng paghubog sa kritikal na literasiya sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa Baitang 11 para sa taong panuruan 2025–2026. Layunin nitong matukoy kung paano nakatutulong ang semantikal na pagsusuri sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng mga akademikong teksto. Sa pamamagitan nito, inaasahang mas magiging handa ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawaing pananaliksik.

Gumamit ang mananaliksik ng kwantitatibong metodolohiya upang magkaroon ng obhetibong pagsukat sa kasanayan ng mga kalahok. Sa paraang ito, masusuri nang may katumpakan ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pangangalap at pagsusuri ng mga numerikal na datos. Bilang karagdagan, gumamit din ng sarbey na talatanungan upang matukoy ang mga hamon, karanasan, at suhestiyon ng mga mag-aaral kaugnay ng paglalapat ng pagsusuring semantikal bilang estratehiya sa paghubog ng kritikal na literasiya.

Samantala, deskriptibong disenyo ang ginamit sa pag-aaral upang malinaw na mailarawan at maipaliwanag ang kasalukuyang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga kalahok. Ang disenyong ito ay nakatuon sa sistematikong pag-oobserba at paglalarawan ng mga datos nang hindi binabago ang umiiral na kondisyon ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagsusulit, talatanungan, at istatistikal na kagamitan, inaasahang magiging tumpak, mapagkakatiwalaan, at makabuluhan ang mga datos na makakalap para sa pag-aaral.

Mga Kalahok

Ang mga piniling kalahok para sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral mula sa ika-11 baitang HUMSS ng Integradong Pambansang Mataas na Paaralan ng Pinagkawitan. Ang mga mag-aaral ay magmumula sa dalawang (2) seksyon, HUMSS 11 A – Confucius at HUMSS 11 B – Plato, na sa pangkalahatan ay may apatnapung (40) bilang. Pinili ng mananaliksik ang mga nasabing mag-aaral sapagkat ayon sa obserbasyon, sila ang nakararanas ng hirap sa pagbuo ng panimulang pananaliksik, na siyang kanilang magiging pinal na awtput para sa ikalawang markahan ng ikalawang semester.

Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng mga datos na may kaugnayan sa pag-aaral. Ang talatanungang ito ay binuo upang makalikom ng mga impormasyon hinggil sa pagsusuring semantikal at kritikal na literasiya ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, naging mas sistematiko at obhetibo ang pangangalap ng datos.

Ang mananaliksik ay gumamit ng 4-point Likert Scale upang masukat ang antas ng pagsang-ayon o di-pagsang-ayon ng mga kalahok sa mga pahayag na nakapaloob sa instrumento. Sa pagmamarka ng mga tugon, ginamit ang 4-point Likert Scale bilang batayan ng interpretasyon sa mga sagot ng mga kalahok. Ang pinakamataas na marka ay tumutukoy sa lubos na pagsusuri, paglalapat, pagsasagawa, o pagdanas, samantalang ang pinakamababang marka ay nagpapakita ng kakulangan sa mga nasabing kasanayan. Sa pamamagitan ng sistemang ito, naging malinaw ang antas ng kakayahan at karanasan ng mga mag-aaral kaugnay ng pagsusuring semantikal. Nakatulong din ito upang mabigyang mas malinaw na interpretasyon ang mga resulta ng pag-aaral.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos

Para sa ikatatagumpay ng layunin, ang mananaliksik, gamit ang isang liham, ay humingi ng pahintulot sa opisina ng Punongguro ng *Pinagkawitan Integrated National High School* upang maipabalideyt ang talatanungan. Matapos ang pagpayag, ipinabalideyt ang mga talatanungan sa mga gurong bihasa sa kaugnay na asignatura. Nang malagdaan, bumalik ang mananaliksik sa opisina ng Punongguro upang humingi naman ng pahintulot para sa pagsasagawa ng mismong pangangalap ng datos gamit ang talatanungan. Matapos ito, bumalik ang mananaliksik sa klase ng mga mag-aaral upang isakatapuran ang pananaliksik. Ipinaliwanag

ng mananaliksik sa mga kalahok ang layunin at ilang mga mahahalagang detalye patungkol sa isinasagawang pananaliksik.

Ang mga mag-aaral ay binigyan ng liham upang mahingi ang kanilang pagpayag na maging kalahok sa nasabing pananaliksik. Matapos ito, ipinamahagi na ang mga talatanungan. Matapos makalap ang datos, binigyang interpretasyon ang mga ito gamit ang mga napiling estadistikal na metodolohiya sa gabay na rin ng isang istadistiko.

Pag-aanalisa ng Datos

Matapos makolekta at maihanay ang mga datos, sinuri ng mananaliksik ang mga ito gamit ang iba't-ibang pamamaraang istatistikal upang matiyak ang malinaw at wastong interpretasyon ng mga resulta ng pag-aaral. Ginamit ang *weighted mean* upang matukoy ang katumbas na pakahulugan ng mga tugon ng mga kalahok batay sa leyenda ng *Likert Scale*. Sa pamamagitan nito, nasukat ang antas ng pagsusuri, paglalapat, pagsasagawa, at karanasan ng mga mag-aaral kaugnay ng mga pahayag na nakapaloob sa talatanungan.

Samantala, ginamit naman ang *composite mean* upang mabigyang lagom ang mga baryabol at makapagbigay ng pangkalahatang berbal na interpretasyon sa mga nakalap na datos. Bukod dito, inilapat din ang *frequency* upang matukoy ang bilang ng mga kasagutan para sa bawat tanong. Sa huli, gumamit ng mga interpretasyong berbal upang mabigyang konteksto at mas malinaw na pagpapakahulugan ang mga resulta ng pag-aaral batay sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga kalahok.

Resulta

1. Antas ng Kaalaman ng mga Mag-Aaral sa Pagsusuring Semantika sa Tekstong Pang Akademiko

Ayon sa pag-aaral nina Villanueva at Castro (2022), ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa semantika ay may direktang epekto sa kanilang kakayahang bumuo ng kritikal na literasiya. Kaugnay nito, minarapat ng mananaliksik na suriin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral pagdating sa paglalapat ng semantika. upang makabuo ng mga pakahulugan at ideya batay sa literal na kahulugan, kontekstwal na kahulugan, at ugnayan ng mga salita at parirala.

Talahanayan 1
Antas ng Kaalaman sa Pagsusuri Batay sa Literal na Kahulugan

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Nagagamit ang denotatibong kahulugan ng salita sa pagsulat.	2.75	Nasusuri	1
Madaling nakikilala ang mga salitang hiram na ginagamit sa teksto.	2.68	Nasusuri	2
Nabibigyang-linaw ang mga salitang may iisang kahulugan lamang.	2.55	Nasusuri	3
Natutukoy ang tiyak na kahulugan ng salita mula sa diksyunaryo.	2.48	Bahagyang Nasusuri	4
Nauunawaan ang mga teknikal na salita sa kanilang batayang anyo.	2.45	Bahagyang Nasusuri	5
Kabuoang Mean	2.59	Nasusuri	

Leyenda: Lubos na Nasusuri (3.25 – 4.00), Nasusuri (2.50 – 3.24), Bahagyang Nasusuri (1.75 – 2.49), Hindi Nasusuri (1.00 – 1.74)

Sang-ayon sa Talahanayan 1, ang pinakamataas na antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa literal na kahulugan ay nasa paggamit ng denotatibong kahulugan sa pagsulat na nagtataglay ng *weighted mean* na 2.75 at may interpretasyon berbal na “Nasusuri”. Ipinapakita nito na bihasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa literal na antas, lalo na sa mga terminong pamilyar at madalas gamitin sa pagsulat.

Gayunpaman, lumalabas na ang kanilang pangunahing kahinaan ay nasa pag-unawa sa mga teknikal na salita sa kanilang batayang anyo. Ito ay may *weighted mean* lamang na 2.45. Nagtataglay ito ng berbal na interpretasyong “Bahagyang Nasusuri” lamang. Ang pagkakaibang ito sa ranggo ay nagpapahiwatig na mas nangingibabaw ang kanilang praktikal na kasanayan sa paggamit ng salita kaysa sa pormal na pagsusuri ng teknikal na depinisyon nito.

Ang resultang ito ay pinatitibay ng pag-aaral ni Villanueva (2022), kung saan binigyang-diin na ang mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ay may mataas na kakayahan sa pangksyunal na literasi o ang paggamit ng wika sa pang-araw-araw na komunikasyon. Isang malaking dahilan ay ang pagiging natural ng mga usapan at impluwensyang pangkapaligiran na nagdudulot ng kasanayan sa paggamit ng wika sa natural na kaparaanan. Ngunit nagpapakita rin ang resulta ng kakulangan pagdating sa bokabularyong pang-akademiko at pormal na semantika. Nangangahulugan itong hiram ang mga mag-aaral pagdating sap ag-unawa sa mga salitang ginagamit sa larangan ng akademya. Ayon sa kaniya, ang mga teknikal na terminolohiya sa mga tekstong pang-akademiko ay nananatiling hamon dahil ang mga mag-aaral ay mas sanay sa kontekstwal na kahulugan kaysa sa estriktong kahulugang ibinibigay ng mga pormal na sanggunian gaya ng diksyunaryo.

Talahanayan 2
Antas ng Kaalaman sa Pagsusuri Batay sa Kontekstwal na Kahulugan

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Naipaliliwanag ang pagbabago ng kahulugan ng salita sa iba't ibang paksa.	2.58	Nasusuri	1
Nakukuha ang konotatibong kahulugan o emosyong dala ng salita.	2.53	Nasusuri	2
Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang may higit sa isang diwa.	2.5	Nasusuri	3
Nakapagpapahiwatig ng kahulugan (context clues) sa paligid ng mahirap na salita.	2.48	Bahagyang Nasusuri	4
Nakagagamit ng salita batay sa kahulugan nito sa talata.	2.38	Bahagyang Nasusuri	5
Kabuoang Mean	2.50	Nasusuri	

Leyenda: Lubos na Nasusuri (3.25 – 4.00), Nasusuri (2.50 – 3.24), Bahagyang Nasusuri (1.75 – 2.49), Hindi Nasusuri (1.00 – 1.74)

Batay sa Talahanayan 2, nangunguna sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa kontekstwal na kahulugan ang kakayahang maipaliwanag ang pagbabago ng kahulugan ng salita sa iba't ibang paksa. Ito ay may *weighted mean* na 2.58, at may interpretasyong berbal na “Nasusuri”. Ipinahihiwatig nito na may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral na umunawa ng mga salita kapag ito ay nakadepende na sa partikular na paksa o damdamin.

Sa kabilang banda, ang indikeytor patungkol sa paggamit ng salita batay sa kahulugan nito sa talata ang may pinakamababang marka na 2.38. May berbal na interpretasyong “Bahagyang Nasusuri” lamang. Ang resultang ito ay nagpapakita na bagama't nauunawaan ng mga mag-aaral ang pagbabago-bagong anyo ng kahulugan, nahihirapan silang gamitin ang mga pahiwatig sa paligid ng teksto upang tukuyin ang eksaktong gamit ng isang mahirap na salita sa loob ng isang talata.

Ang mga datos na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Mendoza (2024), na nagsabing ang mga kasalukuyang mag-aaral ay mas mabilis makatukoy ng konotatibong aspeto o natatagong pakahulugan ng wika dahil sa impluwensya ng makabagong paraan na pakikipagkomunikasyon. Ang teknolohiya ay nagbukas ng mga mas mabibilis na kaparaanan para sa pagpapakahulugan ng mga salita. Ganunpaman, masasalamatin batay sa resulta ang kahinaan ng mga mag-aaral sa estratehikong paggamit ng *context clues* o mga senyales ng pagpapakahulugan sa mga pormal na tekstong pang-akademiko. Ayon sa kaniya, ang kakayahang kumilala ng pagbabago ng kahulugan ay hindi sapat kung hindi ito sinasamahan ng kasanayan sa pagsusuri ng mga pahiwatig sa loob ng mismong pangungusap.

Talahanayan 3
Antas ng Kaalaman sa Pagsusuri Batay sa Ugnayan ng mga Salita o Parirala

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Nakikita ang koneksyon ng bawat parirala sa loob ng isang talata.	2.8	Nasusuri	1
Naipaliliwanag ang relasyon ng paksa sa mga suportang detalye.	2.7	Nasusuri	2
Nauunawaan kung paano nag-uugnay ang mga susing salita sa tema.	2.58	Nasusuri	3
Naisasagawang pag-isahin ang mga parirala upang makuha ang buong diwa.	2.5	Nasusuri	4
Natutukoy ang lohikal na daloy ng mga kaisipan sa bawat pangungusap.	2.25	Bahagyang Nasusuri	5
Kabuoang Mean	2.57	Nasusuri	

Leyenda: Lubos na Nasusuri (3.25 – 4.00), Nasusuri (2.50 – 3.24), Bahagyang Nasusuri (1.75 – 2.49), Hindi Nasusuri (1.00 – 1.74)

Batay sa resulta ng Talahanayan 3, ang pinakamataas na antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa ugnayan ng mga salita at parirala ay makikita sa kakayahang makita ang koneksyon ng bawat parirala sa loob ng isang talata. Ang *weighted mean* nito ay 2.8 at may berbal na interpretasyon na “Nasusuri”. Ipinakikita nito na may sapat na kasanayan ang mga mag-aaral pagdating sa pag-unawa sa estruktural na ugnayan ng mga bahagi ng teksto upang makabuo ng kaisipan.

Sa kabilang banda, ang pinakamababang *weighted mean* na 2.25 na may interpretasyong berbal na “Bahagyang Nasusuri” ay ang indikeytor na patungkol sa kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy ang lohikal na daloy ng mga kaisipan sa bawat pangungusap. Ang resultang ito ay nagpapahayag na bagama’t nakikita nila ang kabuuang koneksyon ng mga detalye sa paksa, nahihirapan pa rin silang suriin ang mismong lohika o ang sistematikong pagkakasunod-sunod ng mga ideya na nagpapatibay sa argumento ng isang akademikong teksto.

Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Gomez (2023), na nagsaad na ang mga mag-aaral sa *Senior High School* ay madalas na nakatutok sa ugnayang gramatikal at estruktural ng mga parirala, ngunit nagpapakita ng kakulangan sa *cohesive and logical progression* ng mga ideya. Naging makaking hamon sa kanila ang pag-unawa gamit ang lohikal na pagkakapahayag ng mga salita o parirala sa mga pangungusap.

2. Epekto ng Paglalapat ng Semantikang Pagsusuri sa Paghubog ng Kritikal na Literasi ng mga Mag-aaral

Isang pundamental na estratehiya sa pagpapaunlad ng kritikal na literasiya ang semantikang pagsusuri. Sa pamamagitan nito , nabibigyang-diin ang malalim at wastong pag-unawa sa

ugnayan ng mga salita at pangungusap. Batay kay Lumbera (2024), ang kasanayan sa semantika ay hindi lamang nagpapalawak ng bokabularyo. Kaugnay nito, sinuri ng mananaliksik ang epekto ng paglalapat ng semantikang pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa at bumuo ng mga ideya mula sa nabasang mga akademikong sulatin batay sa konsepto, argumento at mga datos na inilahad ng may akda.

Talahanayan 4 Epekto ng Paglalapat Batay sa Konsepto

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Napatitibay ang pag-unawa sa paksa ng pananaliksik.	2.68	Nailalapat	1
Naipaliliwanag nang maayos ang mga teoryang binabasa.	2.6	Nailalapat	2
Napag-uugnay ko ang mga lumang kaalaman sa bagong konsepto sa teksto.	2.58	Nailalapat	3
Napadadali ang pagtukoy sa mga abstraktong kaisipan sa pag-aaral.	2.55	Nailalapat	4
Napalilinaw ang mga ideya sa pananaliksik.	2.53	Nailalapat	5
Kabuoang Mean	2.59	Nailalapat	

Leyenda: Lubos na Nailalapat (3.25 – 4.00), Nailalapat (2.50 – 3.24), Bahagyang Nailalapat (1.75 – 2.49), Hindi Nailalapat (1.00 – 1.74)

Batay sa resulta ng Talahanayan 4, nangunguna sa epekto ng paglalapat batay sa konsepto ang ay kakayahan ng mga mag-aaral na mapatibay ang pag-unawa sa paksa ng pananaliksik. Ito ay may weighted mean na 2.68 at may interpretasyong berbal na “Nailalapat”. Ipinapakita nito na ang semantikang pagsusuri ay lubos na nakatutulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng mas makatotohanang batayan sa kanilang mga paksa at mas malalim na pagkaunawa sa mga akademikong batayan.

Gayunpaman, may pinakamababang weighted mean na 2.53 ang sumasaklaw sa kakayahan sa paglilinaw ng mga ideya sa pananaliksik. Meron lamang itong *weighted mean* na 2.55. Bagama't nasa antas pa rin na "Nailalapat," ang mga markang ito ay nagpapahiwatig na mas nahihirapan ang mga mag-aaral na ilapat ang kanilang natutunan kapag ang usapin ay tungkol na sa paraan at hakbang ng mga abstrak na konsepto.

Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Legaspi (2023), na nagpaliwanag na ang paglalapat ng mga konseptong semantika ay isang mabisang paraan upang mapatibay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga isinasagawang pag-aaral. Batay sa kanyang pag-aaral, ang mga teorya at abstrak na mga balangkas ay mas mauunawaan ng mga mag-aaral kung mayroon silang sapat na kasanayan sa semantikang pagsusuri, subalit ang paglilinaw ng sariling ideya ay nananatiling isang hamon dahil sa mataas na antas ng kaalamang kognitibo na

kinakailangan sa pagsulat ng pananaliksik.

Talahanayan 5 Epekto ng Paglalapat Batay sa Argumento ng May-akda

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Naipaliliwanag ang layunin ng awtor sa paggamit ng tiyak na salita.	3.38	Lubos na Nailalapat	1
Nakikita ang mga kahinaan sa lohika ng argumento ng manunulat.	3.28	Lubos na Nailalapat	2
Nasusuri ang mga salitang ginamit ay mapanghikayat o obhetibo.	2.6	Nailalapat	3
Natutukoy ang tunay na panig o bias ng manunulat sa teksto.	2.55	Nailalapat	4
Nagagawa hamunin ang mga katwiran ng may-akda nang may basehan.	2.5	Nailalapat	5
Kabuoang Mean	2.89	Nailalapat	

Leyenda: Lubos na Nailalapat (3.25 – 4.00), Nailalapat (2.50 – 3.24), Bahagyang Nailalapat (1.75 – 2.49), Hindi Nailalapat (1.00 – 1.74)

Batay sa Talahanayan 5, ang pinakamataas na antas ng epekto ng paglalapat batay sa argumento ng may akda ay makikita sa kakayan ng mga mag-aaral na maipaliwanag ang layunin ng awtor sa paggamit ng tiyak na salita. Ito ay may *weighted mean* na 3.38, at may interpretasyong berbal na “Lubos na Nailalapat”. Batay dito, mababatid na ang mga mag-aaral ay may sapat na antas ng kritikal na literasi pagdating sa pagsusuri ng intensyon at mga personal na ideya ng may-akda.

Sa kabilang banda, nakuha ng indikeytor patungkol sa kakayahan ng mga mag-aaral na hamunin ang mga katwiran ng may-akda nang may basehan ang pinakamababang ranggo na kung saan, ito ay may *weighted mean* lamang na 2.5. Bagama’t nasa antas pa rin na “Nailalapat,” ang markang ito ay nagpapakita na mas madali para sa mga mag-aaral ang magpaliwanag ng layunin kaysa sa pagbuo ng sariling argumento laban sa pagkiling ng may-akda.

Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Mendoza (2024) na ang mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ay may mataas na antas ng *analytical reading skills* o ang kakayanang himayin ang layunin ng isang manunulat sa pamamagitan ng semantikong pagpili ng salita. Gayunpaman, ayon sa kaniya, ang pagsasagawa ng *evaluative judgment* o ang paghamon sa kredibilidad ng isang argumento ay kailangan pa ring hubugin sa mga mag-aaral dahil nababatay lamang ito sa mga paunang kaalaman.

Talahanayan 6
Epekto ng Paglalapat Batay sa Datos na Inilahad ng May-akda

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Natutukoy kung ang mga ebidensya ay sapat upang suportahan ang paksa.	3.38	Lubos na Nailalapat	1
Nabibigyang-interpretasyon ang mga numerikal at tekstwal na datos.	2.85	Nailalapat	2
Nasusuri kung ang mga datos ay tumutugma sa ipinapaliwanag na paksa.	2.8	Nailalapat	3
Nagagawang paghambingin ang mga datos mula sa iba't ibang hanguan.	2.68	Nailalapat	4
Napapatunayan ang katumpakan ng mga terminong ginamit sa datos.	2.65	Nailalapat	5
Kabuoang Mean	2.09	Nailalapat	

Leyenda: Lubos na Nailalapat (3.25 – 4.00), Nailalapat (2.50 – 3.24), Bahagyang Nailalapat (1.75 – 2.49), Hindi Nailalapat (1.00 – 1.74)

Sang-ayon sa sa nilalaman ng Talahanayan 6, may pinakamataas na antas ng epekto ng paglalapat batay sa datos na inilahad ng may akda ang kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy kung ang mga ebidensya ay sapat upang suportahan ang paksa. Ito ay may weighted mean na 3.38. May berbal na interpretasyo itong "Lubos na Nailalapat." Batay dito, masasabing ang mga mag-aaral ay may kakayahan sa pagsusuri ng kredibilidad at sapat na batayan ng mga impormasyong inilalahad ng may-akda.

Ang indikeytor naman patungkol sa pagpapatunay ng katumpakan ng mga terminong ginamit sa datos ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 2.65. Bagama't "Nailalapat" pa rin ang interpretasyong berbal para dito, masasabing ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasaliksik ng mga patunay para sa kahulugan ng isang teknikal na termino at maiugnay ito sa iba pang mga handing sanggunian ay nananatiling isang malaking suliranin para sa mga mag-aaral.

Sinusuportahan ng pag-aaral ni Castillo (2024) ang mga datos na ito, na nagsabing isang magandang indikasyon para sa pag-unlad ng literasi ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay-kahulugan sa numerikal at tekstwal na datos, ngunit ang paghahambing ng datos mula sa iba't ibang hanguan o *cross referencing* ay isang kasanayang dapat pang hubugin ay bigyang pansin upang lalong mapaghusay ang kakayahan sa pagsusuri.

3. Mga Salik na Kinakailangan para sa Semantikang Pagsusuri sa Teksto para sa mga Mag-aaral sa Pananaliksik

Ang pagtukoy sa mga salik na kinakailangan para sa semantikang pagsusuri ay kailangan sa pagsusuri ng mga teksto. Batay kay Pineda (2023), ang mga salik na ito ay nagsisilbing mekanismo upang maunawaan ng mga mag-aaral ang lohikal na daloy ng mga parirala na bumubuo sa diwa ng diskurso. Dahil dito, sinuri ng mananaliksik ang kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang mga salik sa pag-unawa sa teksto batay sa nilalaman, gawaing pangklase at kritikal na pag-unawa.

Talahanayan 7 Salik sa Pagsusuri Batay sa Nilalaman

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Nakapagbibigay ng malinaw na depinisyong ng mga terminolohiya sa mga teksto.	3.4	Lubos na Naisasagawa	1
Nakapag-oorganisa ng mga ideya sa nilalaman ng teksto.	3.13	Naisasagawa	2
Nakagagamit ng wikang angkop sa antas ng mambabasa.	3	Naisasagawa	3
Nakapagpapakita ng ugnayan ng teorya sa realidad.	2.93	Naisasagawa	4
Nakapagbibigay ng sapat na halimbawa upang maipaliwanag ang mga salita.	2.78	Naisasagawa	5
Kabuoang Mean	3.05	Naisasagawa	

Leyenda: Lubos na Naisasagawa (3.25 – 4.00), Naisasagawa (2.50 – 3.24), Bahagyang Naisasagawa (1.75 – 2.49), Hindi Naisasagawa (1.00 – 1.74)

Mabatid mula sa Talahanayan 7 na ang pinakamataas sa mga salik sa pagsusuri batay sa nilalaman ay ang kakayahang makapagbibigay ng malinaw na depinisyong ng mga terminolohiya sa mga teksto. Ito ay may *weighted mean* na 3.4, at may interpretasyong berbal na "Lubos na Naisasagawa." Sinasalamang ng mga datos na ito na ang mga mag-aaral ay may mataas na kasanayan sa pagtukoy at pagpapaliwanag ng mga terminolohiyang teknikal,

Pinakamababa naman ang *weighted mean* na 2.78 para sa salik na pagbibigay ng sapat na halimbawa upang maipaliwanag ang mga salita. Ang interpretasyong berbal para dito ay "Naisasagawa". Ang mababang ranggong ito ay nagpapahiwatig na mas nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagdating sa elaborasyon o pagbibigay ng konkretong aplikasyon sa mga terminong kanilang binibigyang-depinisyon.

Ang natuklasang ito ay sang-ayon rin sa pag-aaral ni Villanueva (2022), na nagsaad na ang mga mag-aaral sa kasalukuyang kurikulum ay bihasa sa pagtukoy ng mga depinisyon bilang ito ang madalas na giagamit sa mga pagsusulit, ngunit nagpapakita rin ng kakulangan sa pagpapalawak ng ideya gamit ang mga halimbawa.

Talahanayan 8 Salik sa Pagsusuri Batay sa Gawaing Pangklase

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Ang aktibong pakikilahok sa debate ay nagpapatalas ng pagsusuring semantikal.	3.38	Lubos na Naisasagawa	1
Nakatutulong ang pangkatang talakayan sa paghimay ng kahulugan ng teksto.	3.35	Lubos na Naisasagawa	2
Ang mga pagsasanay sa pagtukoy ng context clues ay mahalaga sa klase.	2.8	Naisasagawa	3
Ang pagsusuri ng mga tunay na artikulo sa klase ay nagpapalawak ng kaalaman.	2.63	Naisasagawa	4
Ang gawaing pagsulat ng repleksyon ay nakatutulong sa pag-unawa sa diwa.	2.55	Naisasagawa	5
Kabuoang Mean	2.94	Naisasagawa	

Leyenda: Lubos na Naisasagawa (3.25 – 4.00), Naisasagawa (2.50 – 3.24), Bahagyang Naisasagawa (1.75 – 2.49), Hindi Naisasagawa (1.00 – 1.74)

Masasalamain sa Talahanayan 8 na ang pinakamataas na salik sa pagsusuri sa gawaing pangklase ay ang aktibong pakikilahok sa debate. Ito ay may *weighted mean* na 3.38 at may interpretasyong berbal na “Lubos na Naisasagawa”. Dahil dito, masasabing ang mga gawaing may kinalaman sa pakikipagtalastasan at kolaboratibong pag-iisip ang pinakaepektibong paraan upang mapatalas ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral pagdating sa pagsusuring emantika. Sa pamamagitan ng berbal na talastasan, napauunlad ang sosyal na kasanayan ng mga mag-aaral sa paghahayag ng ideya.

Sa kabilang banda, pinakamababang *marka weighted mean* na 2.55 ang nakuha para sa salik sa gawaing pagsulat ng repleksyon. Ito ay may berbal na interpretasyon na “Naisasagawa”. ang resulta ay nagpapakita na mas nababatid ng mga mag-aaral ang halaga ng berbal na diskurso at kumpara sa gawain ng pagsulat pagdating sa paghahayag ng sariling ideya.

Ang mga resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni ang paggamit ng *Collaborative Strategic Reading* (CSR) ay isang mabisang paraan upang mahubog ang kritikal na literasiya. Sa pamamagitan ng pangkatang diskusyon tungkol sa kahulugan ng mga salita, nagkakaroon ng palitan ng iba't ibang interpretasyon sa loob ng klase. Dagdag pa rito, ang sosyal interaksyon sa loob ng klase ay nagbibigay ng mas mabilis na tugon sa pag-unawa ng kaisipan kumpara sa mga pasulat na aktibidad. Ang ganitong interaksyon ay nagpapalawak sa perspektiba ng mga mag-

aaral tungkol sa isang paksa. Ang pagkakaroon ng berbal na talastasan sa pagitan ng mga mag-aaral ay makatutulong para sa mas malinaw na pagpapahayag ng ideya.

Talahanayan 9 Salik sa Pagsusuri Batay sa Kritikal na Pag-unawa

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Kinakailangan ang malalim na pokus sa pagbabasa upang makuha ang semantika.	3.55	Lubos na Naisasagawa	1
Mahalaga ang kakayahang mag-isip nang obhetibo habang nagsusuri ng teksto.	3.25	Lubos na Naisasagawa	2
Ang pagtatanong sa layunin ng awtor ay salik sa kritikal na pag-unawa.	2.78	Naisasagawa	3
Kinakailangan ang pagiging bukas sa iba't ibang interpretasyon ng teksto.	2.7	Naisasagawa	4
Ang pagiging mapanuri sa bawat pahayag ay kailangan sa kritikal na pag-unawa.	2.68	Naisasagawa	5
Kabuoang Mean	2.99	Naisasagawa	

Leyenda: Lubos na Naisasagawa (3.25 – 4.00), Naisasagawa (2.50 – 3.24), Bahagyang Naisasagawa (1.75 – 2.49), Hindi Naisasagawa (1.00 – 1.74)

Sa Talahanayan 9, ang pinakamataas na salik sa pagsusuri batay sa kritikal na pag-unawa ay ang pangangailangan ng mga mag-aaral ng malalim na pokus sa pagbabasa upang makuha ang semantika. Ito ay may *weighted mean* na 3.55 at may berbal na interpretasyong “Lubos na Naisasagawa”. Sang-ayon sa resultang ito, masasabing nauunawaan ng mga mag-aaral na ang kritikal na pag-unawa ay hindi isang mabilisang proseso. Nangangailangan ito ng sinsero at seryosong dulog at ganundin ay ng isang walang kinkilingang pananaw upang hindi magkaroon ng maling pagkaunawa at konklusyon.

Samantala, ang indikeytor patungkol sa pagiging mapanuri sa bawat pahayag ang may pinakamababang *weighted mean* na 2.68 at may berbal na interpretasyong “Naisasagawa”. Batay dito, masasabing suliranin para sa mga mag-aaral ang paghimay sa bawat maliliit na detalye ng pahayag kumpara sa pangkalahatang pokus sa pagbabasa.

Ang mga datos na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Lumbera (2024) na kung saan ay sinasabing ang kinakailang pundasyon ng kritikal na literasi ay mahuhubog at magpapasimula kung ang mga mag-aaral ay magsasagawa ng mga masususang pagbasa patungkol sa iba’t – ibang teksto laong na ang mga sulating may kinalaman sa pananaliksik sapagkat dito nahuhubog ang kakayahang masuri at maanalisa ang mga denotatibong kahulugan sa isang akademikong teksto.

4. Mga Hamon na Nararanasan ng mga Mag-aaral sa Paglalapat ng Semantikang Pagsusuri sa Paghubog ng Kritikal na Literasi sa Pananaliksik

Nagsisilbing malaking balakid sa paghubog ng kritikal na literasi sa pananaliksik ang iba'ibang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral kaugnay sa pagsasagawa ng semantikong pagsusuri sa mga akademikong teksto. Batay sa pananaliksik ni Alcantara (2024), ang kakulangan sa malalim na bokabularyo. Dahil dito, ang pagkilala sa mga suliraning ito ay mahalaga upang makabuo ng mga angkop na interbensyong pedagogical upang magsilbing tulay sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa semantika.

Talahanayan 10 Mga Hamong Nararanasan sa Paglalapat ng Semantikang Pagsusuri

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Nagkakaroon ng kalituhan sa pagitan ng literal at konotatibong kahulugan.	3.35	Lubos na Nararanasan	1
Pagtukoy sa mga nakatagong kahulugan ng mga salita batay sa kung paano ito ginamit sa loob ng pangungusap o talata.	3.25	Lubos na Nararanasan	2
Limitado ang bokabularyo sa wikang ginagamit sa pananaliksik.	3.1	Nararanasan	3
Paglalatap ng mga konsepto ng semantika bilang kagamitan sa pag-aanalisa ng mga kaugnay na literatura sa pananaliksik.	3.03	Nararanasan	4
Pag-uugnay-ugnay ng kahulugan ng mga susing salita upang makabuo ng isang malinaw na synthesis ng teksto.	2.9	Nararanasan	5
Mahirap tukuyin ang nakatagong agenda o bias ng ilang manunulat.	2.88	Nararanasan	6
Pagbuo ng sariling opinyon o pagsusuri dahil mas nakasanayan ang simpleng pagbubuod lamang ng binasa.	2.78	Nararanasan	7
Obhetibong pagsusuri sa magkakaibang interpretasyon na maaaring ibigay sa isang semantikong yunit.	2.65	Nararanasan	8
Kulang ang panahon sa pagsusuri ng malalalim na teksto.	2.55	Nararanasan	9
Nahihirapang unawain ang mga jargon o teknikal na salita.	2.5	Nararanasan	10
Kabuoang Mean	2.90	Nararanasan	
<i>Leyenda: Lubos na Nararanasan(3.25 – 4.00), Nararanasan (2.50 – 3.24), Bahagyang Nararanasan (1.75 – 2.49), Hindi Nararanasan (1.00 – 1.74)</i>			

Batay sa mga datos na nilahad ng Talahanayan 10, ang pangunahing hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa semantikang pagsusuri ay ang pagkakaroon ng kalituhan sa pagitan ng literal at konotatibong kahulugan. Ito ay may *weighted mean* na 3.35. Ang pagtukoy sa mga nakatagong kahulugan ng mga salita batay sa gamit nito sa pangungusap, na may *weighted mean* na 3.25, ang pumangalawa. "Lubos na Nararanasan" ang parehas na berbal na interpretasyon ng mga ito. Ganundin naman, pumangatlo sa mga hamon ang indikaytor na nagsasabing limitado ang bokabularyong ginagamit ng mga mag-aaral sa wikang ginagamit sa pananaliksik taglay ang *weighted mean* na 3.1 at may berbal na interpretasyong "Nararanasan". Ipinapakita nito na ang pinakamalaking balakid sa pagsusuring semantika ay ang kakayahang lumampas o humigit sa kung ano ang nakasulat patungo sa mas malalim na kahulugan ng teksto.

Sa kabilang banda, bagama't "Nararanasan" pa rin, ang indikaytor na tumatalakay sa paghihirap na unawain ang mga jargon o teknikal na salita ang nakakuha ng pinakamababang mark ana meron lamang 2.5 na *weighted mean*. Sinundan ito ng kawalan ng panahon sa pagsusuri na may *weighted mean* namang 2.55. Naging mababa rin ang *weighted mean* ng indikaytor para sa obhetibong pagsusuri sa magkakaibang interpretasyon na maaaring ibigay sa isang semantikong yunit. Meron lamang din itong 2.65 na *weighted mean* at may berbal na interpretasyon pa ring "Nararanasan". Ang mga marking ito ay nagpapahiwatig na mas mabigat na suliranin para sa mga mag-aaral ang aspeto ng interpretasyon at pag-unawa sa konteksto kaysa sa simpleng pagkilala sa mga teknikal na terminolohiya.

Ang mga datos na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Salvador (2025), na nagpaliwanag na ang kalituhan sa kahulugan ay isang pamilyar na isyu sa mga Pilipinong mag-aaral. Ayon sa kaniya, sa tulong ng teknolohiya, madaling matutukoy ng mga mag-aaral ang mga teknikal na salita, ngunit ang pagtukoy sa mga nakatagong pakahulugan ng manunulat ay nangangailangan ng mas mataas na kasanayang kognitibo. Bilang karagdagan, hindi sapat na ibigay lamang ang listahan ng mga salita, kundi dapat ipakita kung paano ito ginagamit sa iba't ibang konteksto. Ipinapakita ng kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na dumaraan sa ganitong proseso ay may mas mataas na kumpiyansa sa pagsusuri ng mga banyagang literatura.

5. Pagbuo sa mga Mabisang Estratehiya sa Pagsusuring Semantika

A. Semantikong Pagmamapa ng mga Salitang Teknikal (Pagsusuring Pambokabularyo)

Ang gawaing ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga jargon at teknikal na salita na maaaring matatagpuan sa mga akademikong sulatin.

Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Pumili ng isang teknikal na salita at isulat sa gitna ng papel. Sa palibot nito, sumulat ng mga salitang may kaugnayan dito tulad ng mga salitang kasingkahulugan, kasalungat, at mga kaugnay na konsepto. MELC: *Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong ginagamit sa pananaliksik.* (CS_RS11-IVg-j-1)

Mga Hakbang para sa Mag-aaral:

1. Magbasa ng isang teksto ang mag-aaral at bilugan ang mga salitang teknikal.
2. Hanapin ang denotatibong kahulugan ng mga ito sa diksyunaryo.
3. Gumawa ng *semantic map* na nag-uugnay sa salita sa mga salitang may kaugnayan sa kanya.
4. Ipaliwanag kung paano binabago ng konteksto ng pananaliksik ang kahulugan ng salitang iyon.

B. Tsart ng Hinuhang Pakahulugan (Pagsusuring Pangkomprehensyon)

Layunin ng gawaing ito na sanayin ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga natatagong kahulugan ng mga salita , parirala at pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga *context clues*.

Panuto: Gamit ang talahanayan, suriin ang mga piling pahayag mula sa teksto at tukuyin ang mga layunin at pakahulugan ng may-akda. MELC: *Naiisa-isa ang mga paraan ng interpretasyon ng mga datos mula sa iba't ibang hanguan.* (CS_RS11-IVg-j-3)

Mga Hakbang para sa Mag-aaral:

1. Pumili ng tatlong mga pangungusap mula sa binasang Mga Kaugnay na Pag-aaral na nagtataglay ng mahahalaga at malalim na ideya.
2. Sa unang kolum , itala ang pamagat ng tekstong binasa.
3. Sa ikalawang kolum, isulat ang mga pahiwatig o pangungusap na napiling bigyang pakahulugan.
4. Sa huling kolum, ilahad ang inyong interpretasyon o hinuha tungkol sa tunay na mensahe ng may-akda batay sa mga context clues na maaaring nailahad sa teksto.

C. Socratic Seminar: Pagsusuri ng "Loaded Words" (Pagsusuring Pangkritikal na Pag-aanalisa)

Sa gawaing ito , susuriin ng mga mag-aaral ang denotatibo at konotatibong gamit ng mga salita sa kabuuan ng isang akda. Isasagawa ito sa paraang pangkatan.

Panuto: Sa pamamagitan ng pabilog na diskusyon, pagtalunang mabuti ang pagkakagamit ng mga salita sa teksto patungkol sa mga kultural na phenomena sa lipunan. MELC: *Nakasusulat ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenong kultural at panlipunan sa bansa.* (CS_RS11-IVg-j-6)

Mga Hakbang para sa Mag-aaral:

1. Basahin at unawain ang itinakdang artikulo.
2. Bawat pangkat , magtala ng tigtatlong "loaded words" o mga salitang may malakas na konotasyon na nabasa mula sa teksto.
3. Magkaroon ng diskusyon patungkol sa paraan ng pagkakagamit ng salita sang-ayon sa bias ng may akda. Tukuyin kung ang salita ay nagtataglay ng denotatibo o konotatibong mga pakahulugan.

D. Semantic Feature Analysis (SFA) Grid (Pagsusuring Paghahambing)

Sa aktibidad na ito, paghahambingin ang katumpakan ng mga datos mula sa iba't-ibang hanguan.

Panuto: Gumawa ng grid upang masuri ang mga katangian ng iba't ibang artikulo batay sa kanilang paggamit ng wika at katumpakan ng impormasyon. MELC: *Naiisa-isa ang mga paraan ng pagbasa at pagsusuri ng teksto.* (F11PB-IIIb-88)

Mga Hakbang para sa Mag-aaral:

1. Maghanap ng tatlong magkakaibang artikulo tungkol sa iisang paksa.
2. Ilista ang mga artikulo sa kaliwang bahagi ng grid.
3. Sa itaas na bahagi, isulat ang mga sumusunod na kraytiryang katanungan:
Obhetibo ang wika?
Gumamit ng ebidensya?
Malinaw ang teknikal na termino?
4. Lagyan ng tsek (✓) o ekis (x) ang bawat katapat na hanay ng artikulo batay sa pagsusuri.
5. Tukuyin kung aling artikulo ang may pinakamataas na antas ng kritikal na literasiya.

E. Replektibong Pagsulat (Pagsusuring Panglagom)

Layunin ng gawaing ito na pagsamasamahin ang mga nahinuhang ideya ng mga mag-aaral mula sa binasang teksto.

Panuto: Sumulat ng isang repleksyong papel na naglalagom sa mga pakahulugang nahinuha mula sa binsang teksto. MELC: *Nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik.* (CS_RS11-IVg-j-4)

Mga Hakbang para sa Mag-aaral:

1. Balikan ang lahat ng mga bagong salitang natutunan sa binasang pananaliksik.
2. Sumulat ng isang sanaysay na may tatlong bahagi sang-ayon sa mga itinakdang nilalaman sa ibaba:
Panimula - pangkalahatang impresyon
Katawan - paano binago ng pagsusuri ang iyong pananaw Kongklusyon - kahalagahan nito sa iyong gagawing pananaliksik
3. Siguraduhing magamit ang mga teknikal na salitang natutunan sa tamang konteksto.

Talakayan

Ipinakita ng pag-aaral na nasa antas na “Nasusuri” ang kaalaman ng mga mag-aaral sa semantikang pagsusuri batay sa literal, kontekstwal, at ugnayan ng mga salita o parirala. Pinakamataas ang kanilang kakayahan sa paggamit ng denotatibong kahulugan ng salita at pagkilala sa koneksyon ng mga parirala sa loob ng talata. Ipinahihiwatig nito na may sapat silang kakayahan sa pangunahing pag-unawa ng mga akademikong teksto at sa pagkilala ng estruktura ng mga ideya. Gayunpaman, lumitaw din ang kahinaan sa pag-unawa sa mga teknikal na termino at sa pagtukoy ng lohikal na daloy ng mga kaisipan, na nagpapakita na higit pa ring nangingibabaw ang praktikal na paggamit ng wika kaysa sa mas malalim na pagsusuring akademiko.

Sa pagsusuri naman ng kontekstwal na kahulugan, napatunayang may kakayahan ang mga mag-aaral na maunawaan ang pagbabago ng kahulugan ng mga salita batay sa paksa o emosyon. Gayunman, nahirapan silang gamitin ang mga context clues upang matukoy ang eksaktong kahulugan ng mahihirap na salita sa loob ng talata. Ipinapakita nito na bagama’t may kakayahan silang makakita ng konotasyon at natatagong pakahulugan, nangangailangan pa rin sila ng mas mataas na kasanayan sa estratehikong pagbasa at interpretasyon ng teksto.

Lumabas din sa resulta na positibo ang epekto ng semantikang pagsusuri sa paghubog ng kritikal na literasiya ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto, argumento, at datos na inilalahad ng may-akda. Pinakamataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapaliwanag ng layunin ng awtor sa paggamit ng mga salita at sa pagtukoy kung sapat ang mga ebidensyang sumusuporta sa paksa. Subalit nahirapan silang hamunin ang argumento ng may-akda at bumuo ng sariling pagsusuri. Ipinahihiwatig nito na mas bihasa sila sa pag-unawa kaysa sa kritikal na pag-eebalweyt ng mga ideya.

Bukod dito, napatunayang mahalagang salik sa semantikang pagsusuri ang malalim na pokus sa pagbabasa, aktibong pakikilahok sa debate, at malinaw na pagpapaliwanag ng mga terminolohiya. Lumitaw na mas epektibo para sa mga mag-aaral ang kolaboratibong pagkatuto at diskusyong berbal kaysa sa mga gawaing pasulat. Sa kabilang banda, pangunahing hamon pa rin sa kanila ang pagkalito sa literal at konotatibong kahulugan, limitadong bokabularyong akademiko, at kahirapan sa pagtukoy ng mga nakatagong kahulugan at bias ng may-akda.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay umaayon sa mga naunang pananaliksik nina Villanueva at Castro (2022), Mendoza (2024), at Gomez (2023) na nagsasabing may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa pang-araw-araw at kontekstwal na paggamit ng wika ngunit nahihirapan pa rin sa mas pormal at akademikong semantika. Katulad ng kanilang resulta, ipinakita rin ng kasalukuyang pag-aaral na mas madali para sa mga mag-aaral ang makilala ang kahulugan ng salita sa karaniwang gamit kaysa sa masusing pagsusuri ng teknikal at abstraktong mga termino.

Kaugnay naman ng kritikal na literasiya, pinagtibay ng resulta ang pananaw nina Legaspi (2023), Lumbera (2024), at Castillo (2024) na ang semantikang pagsusuri ay mahalagang kasangkapan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto, argumento, at datos ng

pananaliksik. Gayunpaman, tulad ng natuklasan sa mga naunang pag-aaral, nananatiling hamon para sa mga mag-aaral ang evaluative judgment o ang kakayahang hamunin ang kredibilidad at bias ng may-akda gamit ang matibay na batayan at ebidensya.

Sinang-ayunan din ng kasalukuyang pag-aaral ang pahayag nina Salvador (2025) at Alcantara (2024) hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsusuring semantika. Lumabas na ang pinakamalaking hamon ay hindi lamang kakulangan sa teknikal na bokabularyo kundi ang mas malalim na interpretasyon ng mga salita at ideya batay sa konteksto. Pinatutunayan nito na ang kritikal na literasiya ay hindi lamang simpleng pag-unawa sa teksto kundi kakayahang magsuri, maghambing, at bumuo ng sariling pagpapasya hinggil sa kahulugan ng isang akademikong sulatin.

Batay sa resulta ng pag-aaral, mahalagang mapalawak pa ang paggamit ng mga estratehiyang semantika sa pagtuturo ng pananaliksik at akademikong pagbasa. Ang mga gawaing tulad ng semantic mapping, Socratic seminar, semantic feature analysis, at replektibong pagsulat ay maaaring magsilbing mabisang interbensyon upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga salita, ideya, at argumento. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, masasanay silang gumamit ng context clues, tukuyin ang bias ng may-akda, at makabuo ng mas malalim na interpretasyon sa mga tekstong akademiko.

Mahalaga ring bigyang-diin ng mga guro at institusyon ang pagpapaunlad ng bokabularyong akademiko at kritikal na pag-iisip sa loob ng silid-aralan. Maaaring magpatupad ng mga gawaing kolaboratibo gaya ng debate, pangkatang talakayan, at pagsusuri ng mga tunay na artikulo upang mapalawak ang perspektiba ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, kinakailangang malinang hindi lamang ang kakayahang umunawa kundi pati ang kakayahang magsuri at magbigay ng obhetibong paghatol sa mga impormasyon at argumentong kanilang binabasa.

Bagama't naging mahalaga ang resulta ng pag-aaral sa pag-unawa sa papel ng semantikang pagsusuri sa paghubog ng kritikal na literasiya, may ilang limitasyon pa rin itong kinaharap. Nakatuon lamang ang pag-aaral sa piling mga mag-aaral at sa espesipikong konteksto ng akademikong pananaliksik kaya maaaring hindi nito ganap na mailarawan ang kalagayan ng lahat ng mag-aaral sa iba't ibang paaralan o antas. Dagdag pa rito, nakabatay lamang ang resulta sa mga tugon at persepsyon ng mga respondente kaya maaaring maapektuhan ito ng kanilang personal na interpretasyon at karanasan.

Isa pang limitasyon ng pag-aaral ay hindi nito nasaklaw ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa semantikang pagsusuri tulad ng antas ng kasanayan sa pagbasa, impluwensya ng teknolohiya, at sosyo-kultural na karanasan ng mga mag-aaral. Hindi rin nasuri nang lubusan ang pangmatagalang epekto ng mga iminungkahing estratehiya sa aktuwal na pagganap ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Dahil dito, inirerekomenda ang pagsasagawa pa ng mga susunod na pag-aaral na gagamit ng mas malawak na respondente at mas masusing pagsusuri upang higit pang mapagtibay ang mga natuklasan ng pananaliksik.

Kongklusyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga kongklusyon.

1. Ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuring semantika sa tekstong pang-akademiko ay may interpretasyong berbal na nasusuri.
2. Ang epekto ng paglalapat ng semantikang pagsusuri sa paghubog ng kritikal na literasi ng mga mag-aaral ay may interpretasyong berbal na nailalapat.
3. Ang mga salik na kinakailangan para sa semantikang pagsusuri sa teksto para sa mga mag-aaral sa pananaliksik ay may interpretasyong berbal na naisasagawa.
4. Nagkaroon ng kalituhan sa pagitan ng literal at konotatibong kahulugan.

Rekomendasyon

Batay sa naging kongklusyon, nabuo ang mga rekomendasyon.

1. Maaaring ipagpatuloy ang pagpapataas sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuring semantika..
2. Iminumungkahing ipagpatuloy ang paglalapat ng pagsusuring semantika bilang paghubog sa kritikal na literasi.
3. Inirerekomendang patuloy na isaalang – alang ang mga salik na kinakailangan para sa semantikang pagsusuri sa teksto para sa mga mag-aaral sa pananaliksik.
4. Maaaring magkaroon ng malawak na talakayan para sa maliwanag na pagkatuto sa pagitan ng literal at konotatibong pakahulugan.

Talasanggunian

Mga Aklat

Almazan, J. S. (2023). *Mga Takda sa Ortograpiyang Filipino*. Sinag ng Kultura at Wika sa Pilipinas.

Badayos, P. B. (2021). *Metodolohiya Sa Pagtuturo At Pagkatutong/Sa Wika: Mga Teorya, Simulain, At Estratehiya*.

Castro, J. M. (2024). *Diskursong Filipino: Pananaliksik at Wika. Kritikal na Literasi sa Pananaliksik*.

Dela Vega, L. M. (2024). *Antas ng Literasi sa Wika*. Edukasyon at Kultura.

Reyes, K. L. (2025). *Filipino sa Nagbabagong Panahon*. Wika at Panitikang Filipino.

E-Journal

Abad, L. M. (2026). Digital Semantic Analyzers: A Modern Approach To Reading Comprehension In The Matatag Curriculum. *Journal Of Educational Technology And Literacy*, 15(2), 45-60.

Bautista, L. S. (2022). Reciprocal Teaching: A Strategy For Enhancing Semantic Relationships In Peer-To-Peer Learning. *International Journal Of Pedagogy*, 9(4), 33-48.

Bernardo, K. G. (2023). The Role Of Semantic Interpretation In Data- Driven Research For Grade 11 Students. *Journal Of Basic Education Research*, 11(2), 88-103.

Castillo, F. D. (2024). Polysemy And Technical Discourse: A Challenge For Academic Readers. *Language And Context Quarterly*, 7(1), 55- 70.

Dela Cruz, R. M. (2024). Analytical Literacy And Research Gaps: A Semantic Perspective. *Southeast Asian Educational Journal*, 19(2), 12-28.

Dela Cruz, S. T. (2023). From Functional To Analytical: Shifting The Literacy Paradigm In The Philippines. *National Institute For Literacy Studies*, 5(1), 101-115.

- Dizon, P. A. (2025). Collaborative Strategic Reading: Enhancing Critical Thinking Through Group Semantic Analysis. *Journal Of Language Teaching And Research*, 13(4), 156-172.
- Enriquez, G. V. (2026). The Bridge Between Reading And Writing: Semantic Analysis As A Tool For Independent Researchers. *Journal Of Senior High School Research*, 18(1), 40-55.
- Gomez, H. F. (2024). The Impact Of Academic Text Exposure On Semantic Relationship Recognition. *Literacy And Society*, 6(3), 130- 145.
- Hernandez, N. L. (2022). Valuing Information: The Role Of Semantics In Academic Weight And Credibility. *Asian Journal Of Education*, 21(3), 90-105.
- Kasper, G. (2022). Semantic Competence And Contextual Analysis In Academic Discourse. *Journal Of Applied Linguistics And Education*, Volume, Pahina.
- Lambert, V. A. (2022). Descriptive Research Design: An Appropriate Path For Educational Investigations. *Journal Of Academic Studies*, 14(2), 22-35.
- Lazaro, J. M. (2022). Counter-Arguments And Semantic Power: Empowering Student Voices Through Language. *Journal Of Critical Pedagogy*, 4(2), 112-127.
- Legaspi, T. R. (2022). Semantic Analysis As A Habit Of Mind: A Longitudinal Study On Lifelong Literacy. *Global Education Monitor*, 17(4), 200-215.
- Mendoza, R. S. (2024). Contextual Analysis Of Social Issues: Strengthening Community-Based Research. *Journal Of Social Science Education*, 13(2), 45-59.
- Mendoza, T. B. (2022). Beyond The Surface: Why Literal Understanding Is Not Enough For Research Success. *Research And Pedagogy Online*, 5(3), 82-97.
- Mishra, P., Et Al. (2021). Descriptive Statistics And Normality Tests For Statistical Data. *Annals Of Cardiac Anaesthesia*, 24(1), 67- 72.
- Ocampo, S. L. (2025). Semantic Precision In Data Interpretation: A Study On Research Quality. *Mathematics And Language Quarterly*, 8(2), 110-125.
- Padilla, D. K. (2024). Gamifying Contextual Clue Analysis: Engaging The Digital Generation. *Innovative Teaching Practices Journal*, 16(1), 33-49.
- Pascual, M. A. (2021). The Building Blocks Of Academic Communication: Early Semantic Intervention. *Journal Of Language Foundation*, 4(2), 10-24.

Sarmiento, P. R. (2023). Credibility In Definitions: Enhancing Research Validity Through Semantic Clarity. *Scholarly Writing Quarterly*, 6(4), 18-32.

Stratton, S. J. (2021). Quasi-Experimental Design (Pre-Test And Post- Test Studies) In Health Care Research. *Prehospital And Disaster Medicine*, 36(4), 373-375.

Tiongson, G. M. (2021). Data As Dialogue: Early Steps Toward Semantic Research Literacy. *Young Researchers' Journal*, 3(1), 55- 68.

Valdez, S. J. (2025). Semantic Negotiation And Research Gaps: Navigating Academic Texts Under The Matatag Curriculum. *Journal Of Curriculum And Instruction*, 11(1), 38-54.

Villanueva, E. L. (2021). Reading With A Purpose: Focal Strategies For Enhanced Semantic Recognition. *Reading Teacher's Gazette*, 8(4), 12-27.

Websites

Bhandari, P. (2023). *What Is Quantitative Research? Definition, Uses And Methods*. Scribbr.

World Bank. (2022). *The State Of Global Learning Poverty: 2022 Update On The Philippines*. World Bank Group.

World Population Review. (2021). *Literacy Rate By Country 2021*. <https://Worldpopulationreview.Com>

Lokal

Alvarez, J. P. (2026). Conceptual Mapping And Its Effects On The Critical Literacy Of Senior High School Students. *Philippine Academic Review*, 12(1), 102-118.

Aquino, M. R. (2024). Beyond The Literal: Developing Active Meaning- Makers In The Research Classroom. *Filipino Journal Of Applied Linguistics*, 8(3), 210-225.

Francisco, E. B. (2025). Authorial Bias And Diction: Decoding Arguments Through Semantic Analysis. *Philippine Journal Of Linguistics And Culture*, 10(2), 77-92.

Guevarra, M. C. (2023). Think-Aloud Protocols: Observing The Semantic Processing Of Student Researchers. *Educational Psychology Review (Philippines)*, 14(1), 25-40.

Legaspi, A. D. (2023). Morphological Analysis And Literal Comprehension: A Structural Approach To Vocabulary. *Manila Language Arts Journal*, 9(1), 66-81.

Lozano, V. M. (2025). Connecting The Dots: Syntactic Knowledge And Semantic Cohesion In Academic Writing. *Philippine Journal Of Language Studies*, 11(1), 14-30.

Manlapaz, Et Al. (2022). Reading Comprehension Levels And Its Impact On Academic Performance Among Filipino Students. *Philippine Journal Of Educational Research*.

Pascual, J. R. (2022). Authentic Assessment: Evaluating Semantic Skills Through Real-World Research Tasks. *Philippine Assessment Review*, 11(3), 150-165.

Quinto, B. N. (2025). The Discourse Of Meanings: Building Theoretical Frameworks Through Semantic Analysis. *Graduate Studies Journal (Philippines)*, 22(1), 105-120.

Reyes, C. M. (2025). Inference And Schema: Developing Contextual Meaning-Making In Senior High School. *Literacy Research Philippines*, 14(2), 19-35.

Salvador, F. E. (2025). Explicit Vocabulary Instruction: Closing The Meaning-Making Gap In Academic Research. *National Literacy Forum*, 12(3), 205-220.

Santiago, L. V. (2024). Organized Thought: The Logical Impact Of Semantic Mastery On Student Writing. *Academic Discourse Journal*, 9(2), 44-58.

Santos, A. B. (2026). The Literal-Technical Divide: Assessing Semantic Proficiency In Grade 11 Learners. *Journal Of Filipino Literacy And Research*, 20(1), 5-22.

Torres, J. D. (2024). Critical Discourse Analysis: Exploring Power And Ideology In Student Research. *Philippine Social Inquiry*, 15(3), 99- 114.

Mga Dokumentong Legal

Department Of Education. (2023). *Adoption Of The National Learning Recovery Program (Nlrp) In The Department Of Education* (Deped Order No. 013, S. 2023). https://www.deped.gov.ph/Wp_Content/Uploads/Do_S2023_013.Pdf

Department Of Education. (2024). *Policy Guidelines On The Implementation Of The*



Matatag Curriculum (Deped Order No. 010, S.2024).https://www.deped.gov.ph/Wp-Content/Uploads/Do_S2024_010.Pdf

Department Of Education. (2024). *Policy Guidelines On The Implementation Of The Matatag Curriculum* (Deped Order No. 010, S. 2024). <https://www.deped.gov.ph>